



Coronavirus (COVID-19): Paano makakaasa ang mga kasapi ng NDIS na ang mga tagabigay-serbisyo ay nakahanda kung may pagsiklab ng COVID-19 sa isang tirahan

Itong papel ng katutuhanan ay nagpapaliwanag kung ano ang sinabi namin sa mga tagabigay-serbisyo ng NDIS upang kayo ay maprotektahan laban sa COVID-19, at kung ano ang kanilang gagawin kung may pagsiklab ng COVID-19 sa isang tahanan.

Mahalagang mga puntos

- Lahat ng mga tagabigay-serbisyo ng NDIS ay kailangang nagpapalano kung paano sila magresponde sa maaaring pagsiklab ng COVID-19, at magkakaroon ng makatwiran na pag-iingat upang mabawasan ang mga pagkapeligro sa inyong kalusugan, kapakanan at kaligtasan.
- Sila ay dapat palaging sinasabihan at sinusupportahan kayo at lahat ng mga residente upang maiintindihan ang anumang mga pagbabago tungkol sa mga suporta at serbisyo na maaaring makakaapekto sa inyo.
- Kung kayo ay nag-aalalang di-ligtas o hindi kayo masaya sa kalidad ng mga suporta at serbisyo – ito man ay may kaugnayan o wala sa mga problema sa COVID-19 – maaari kayong magreklamo sa Komisyon ng NDIS.

Paano naghahanda ang mga tagabigay-serbisyo para sa pagsiklab ng COVID-19

Dahil nangyayari ang hawaan ng COVID-19 sa komunidad, ang mga tagabigay-serbisyo ng NDIS ay dapat nagpapalano at naghahanda ng pamamahala sa anumang maaaring kaso ng COVID-19 sa inyong tirahan.

Kami ay nagbibigay sa mga tagabigay-serbisyo ng NDIS ng impormasyon upang masuportahan sila sa pag-intindi kung paano nila magagawa ang mga ito, habang patuloy silang nagsusuporta sa inyo at napapanatili kayong ligtas.

Ang inyong mga tagabigay-serbisyo ay dapat nakapukos sa pagpoprotekta sa kalusugan ng lahat ng mga trabahador at residente, at higitan ang peligro sa paglaganap ng mikrobyo. Dapat kayo at lahat ng residente ay patuloy na may kaalamann sinusupportahan at naiintindihan ang anumang mga pagbabago sa mga suporta at serbisyo na maaaring nakakapekto sa inyo.

Kayo ay dapat makakaasa sa inyong mga tagabigay-serbisyo na:

- **kayo ay ligtas sa mga di-kinakailangang kapahamakan** na mahawaan ng mikrobyo. Kabilang nito ang katiyakan na alam ng kanilang mga trabahador tungkol sa paghuhugas ng kanilang mga kamay at pagtupad sa mga kinakailangang personal na pag-aagwatan, at di-pagpasok sa trabaho kung masama ang pakiramdam
- **panatilihin ang mga suporta at serbisyo** na kailangan ninyo para sa inyong kalusugan at kaligtasan



- **ipaalam sa inyo kung magkakaroon ng anumang pagbabago** sa inyong mga suporta, halimbawa, ang hindi pagkakatapunan sa inyong mga regular na gawain
- **gamitin ang ginugustong paraan ng pakikipagtalakayan** kung hinihinging magbahagi ng inyong mga kaalaman o kung sila ay nagbibigay ng impormasyon
- may sapat na bilang ng mga kawaning **may kasanayan at karanasan** upang patuloy na masuportahan kayo at iba pang mga taong may kapansanan kung may pagsiklab ng COVID-19
- **may sapat na gagamitin** katulad ng **personal na kagamiting pananggalang (PPE)**, panlinis ng kamay at sabon
- maiintindihan nila kung **kailan sila gagamit ng PPE** (at kung paano gagamitin nang tama), at kung kailan ito hindi kailangang gamitin
- **alam kung ano ang gagawin, at kung sino ang matatawagan**, kung sa akala nila ay may taong may COVID-19 sa tahanan
- makikipag-usap sa inyo, ang inyong kapamilya at tagapag-alaga/tagasuporta tungkol sa anumang **mga pagbabago sa kanilang patakaran sa pamamahala ng mga bisita**. Anumang mga pagbabago ay dapat sang-ayon sa payo ng mga opisyal ng pampublikong kalusugan.

Mga pagbabago dahil sa COVID-19

Mahalagang malaman na ang mga tagabigay-serbisyo ay patuloy na nagbibigay ng mga suporta at serbisyo sa inyo kahit na mahirap ang panahon. Ngunit kahit ganitong sitwasyon, dapat nilang sabihin sa amin kung magkakaroon ng malaking epekto sa pagtanggap ninyo ng mga suporta at serbisyo.

Kung sa pakiramdam ninyo ay hindi sinasabi nang mahusay ang mga pagbabago sa inyo, o sanhi nito ang mga pag-aalala, kailangang **tawagan ninyo kami**.

Paano magreklamo tungkol sa isang nagbibigay ng serbisyo

Kung inaakala ninyo ay hindi kayo ligtas o hindi masaya sa kalidad ng inyong mga suporta at serbisyo – may kaugnayan man nito o wala sa COVID-19 – mahalagang malaman na maaari kayong makipag-usap sa amin tungkol sa inyong mga pagkakabahala. Palaging okey po ang magsasalita.

Kung kayo ay nasa New South Wales, South Australia, Australian Capital Territory, Northern Territory, Queensland, Victoria o Tasmania, maaari kayong maghain ng reklamo sa amin sa pamamagitan ng:

- Pagtawag sa: 1800 035 544 (libre kapag tumawag teleponong de kable) o TTY 133 677. Maaaring makapagpatulong sa isang interpreter.
- [National Relay Service](#) at hilingin ang 1800 035 544.
- Pagsulat sa isang [“complaint contact form”](#).

Kung kayo ay nasa Western Australia, maaaring tawagan ang [HADSCO](#) upang maghain ng reklamo hanggang sa ika-30 ng Nobyembre 2020.

Makipag-ugnayan sa amin

Tumawag sa: 1800 035 544 (walang bayad pagtawag sa teleponong may linya). Ang aming sentrong matatawagan ay bukas mula 9.00nu hanggang 4.30nh sa NT, 9.00nu hanggang 5.00nh sa ACT, NSW, QLD, SA, TAS at sa VIC – mula Lunes hanggang Biyernes, liban sa mga araw na piesta opisyal.

Email: contactcentre@ndiscommission.gov.au

Website: www.ndiscommission.gov.au